

**CHOOSE THE WORLD
YOU WANT**



Maging patas sa inyong pangako sa klima - mamuhunan sa mga maliliit na magsasaka at manggagawa

Mahal naming mga pinuno sa buong mundo,

Kami ay sumulat sa ngalan ng **1.8 milyon na magsasaka at manggagawa** na nagtatrabaho sa agrikultura sa buong mundo. Nagtatanim kami sa mga pagkain na kinakain at inihahain sa mga mesa ng buong katauhan sa mundo, pati na rin ang mga iba pang pangangailangan ay ginagawa namin. Ngunit ang kakayahan namin sa paggawa ay talagang nasisira dahil sa mga walang pag-iingat na banta na ginawa sa ating kapaligiran mula sa mga taong hindi na nagawa ang mga pangako tungkol sa krisis ng klima.

- **Nangako kayong itigil na ang mga emission** na nagdudulot sa masamang panahon, na siyang nagpapatuyo sa aming mga sakahan at kasunod ang pagbabaha nito. Ngunit ang mga emission ay higit na mapanirang tumataas habang ang inyong ambisyon ay nanatiling mababa.
- **Nangako kayong magbigay suportang pinansyal** sa klima, upang matulungan kami sa pagtanim sa mga pagkain kahit pa man sa pagbabago ng panahon. Ngunit wala kaming natanggap.
- **Nangako kayong baguhin ang negosyo** mula sa mapagsamantala sa pagiging kasosyo. Ngunit ang mga shareholder ay kumikita ng bilyon habang milyon milyong magsasaka ang maliit lamang ang kita sa dolyar bawat araw.

Kamakailang buwan lang ay nakitaan na ang mga pananim ay lubhang naapektuhan sa masamang panahon, kasama na ang nakakawasak na mga pagbaha sa Uganda,ⁱ tagtuyo sa Madagascar,ⁱⁱ at mga pagsalakay ng mga balang sa lupalop ng Africa.ⁱⁱⁱ Sa taong ito, naramdaman ang pinakamainit na panahon sa Africa noong Enero at Hunyo.^{iv} Sa Central America, Mga bagyong Eta at Iota ang nagdulot ng matinding pagwasak na naghahalaga ng

higit sa \$2 bilyon sa Hondura lamang, na lubhang nakakaapekto sa mga magsasaka ng Fairtrade. ^v Ang bagong mga prediksyon ng IPCC ay nagpapakita na ang ating mga miyembro sa India ay haharap sa matinding paghaba ng mga heatwave, pagkatuyo at hindi tamang pag-ulan. ^{vi} At tiyak, sisirain nito ang ating kakayahan sa pananim ng pagkain na kailangan ng mundo. Dahil ang ating mga pamumuhay ay nakadepende sa ating pagsasaka, mas dumadami na naman ang pamumulubi sa atin, at ang epekto nito ay mas lumalalim. Ang pinsala sa ating lupain at karagatan at dumadami ang kumpetensya para sa pagkukunan, at bilang mga magsasaka at manggagawa ay hinaharap namin ang pataas na pataas na mga tensyon sa lipunan at ekonomiya.

Ang pinsala na nagdudulot ng walang katiyakan sa mga kababaihan sa sambahayang pananaka, na silang madalas mababa ang kita, nagtatrabaho sa pinakamahirap na kondisyon. Ang ating mga kabataan ay ayaw na manatili sa pagsasaka sa ganitong mga kondisyon, at sino ang maaaring sumisi sa kanila? Ngunit sino ang magpapalago sa pagkain sa mundo kung ang bagong henerasyon ay hindi makita na may pag-asa sa pagsasaka kundi isa itong trap sa kahirapan?

Mayroon kaming isa pang kwento na gusto naming ibahagi. Sa aming sakahan sa buong mundo, makikita ninyo ang mga pagbabago na kailangan. Ang pananim ng kahoy ay nagbigay proteksyon sa cocoa mula sa matinding init sa Ghana at tsaa mula sa baha sa Kenya at nagbibigay sa mga bubuyog ng maraming akses sa pagkain sa Guatemala. Ang mga grupo ng Fairtrade sa Africa at Middle East, Latin America at ang Caribbean, at Asia and the Pacific, ay nagbahagi ng kaalaman tungkol sa pangangailangan ng mga magsasaka upang magbigay proteksyon sa kanilang mga pananim.

Ang pakikipagsosyo sa ating maraming responsableng mamimili ay nagbibigay sa atin nga puhunan na kailangan natin upang gawin ang ating mga sakahan na mas matatag, pati na rin sa pagputol sa mga emisyon ng transportasyon at sakahan. Kung saan ang mga negosyo ng Fairtrade ay namumuhunan ng tama sa ating kinabukasan sa pamamagitan ng pagbayad ng tamang presyo at Fairtrade Premium, mas tumitibay na ang ating pagiging matatag.

Pero siyempre itong mahalagang trabaho ay kailangan din na may bayad. Halimbawa, ang pagpananim ng mga kahoy sa kapehan ay makakatulong sa mga ito na maproteksyonan mula sa direktang init, mabawasan ang sakit sa mga pananim at pagkasira dulot ng baha - ngunit ibig sabihin nito ay mas mataas ang gastos sa produksyon. Kung ang mga magsasaka ay hindi kumikita, paano din natin matustusan ang ganitong uri nga mahalagang pagbabago?

Ang pagbabago sa 2050 ay sobrang huli na. Bilang isang mayaman, mataas ang polusyon na bansa, kailangan ninyong bayaran ang mga gastos sa pagpabagay at pagpagaan ngayon. Ang iyong pangako na putulin ang mga emisyon ng carbon ay kailangan hindi na isantabi. Hindi kami tumatanggap ng 'Net Zero' na mga pangako na ibabalewala ang mga emisyon sa transportasyon o mula sa mga bilihin imported galing sa mga bansa kasama na ang sa ating sariling bansa, o ang walang epekto sa totoong pagputol ng mga emisyon. Kung isang bansa ang internasyonal na pagpapadala, ito ay magiging pangpitong pinakamalaking emitter sa mundo. ^{vii}

Pinatatawag namin kayo upang gumawa ng hakbang ngayon:

1. **Dapat na ang inyong pangako na magbigay nga \$100bn sa pagbibigay pinansyal sa klima ay makuha ngayon. Kinailangan na direktang maihatid ito sa mga magsasaka at manggagawa,** upang makapagtanim tayo ng mga kahoy, ipakita ang mas matibay na mga pananim, ihanda ang ating sarili sa paparating na bagyo - at patuloy na palaguin ang pagkain sa mundo.
2. **Kailangan mong maging totoo tungkol sa iyong mga emission sa carbon, at magkaroon ng lakas loob na putulin at ibalik ito sa tulong ng siyentipikong payo.** Siguraduhin na ang iyong Net Zero na mga pangako ay kasama ang mga target at mga patakaran na magpapabawas sa mga emission mula sa imported na mga bilihin, hindi lang sa lokal na mga emission,^{viii} at siguraduhin na totoo ang tungkol sa pagputol, kaysa pagbili ng mga offset. Kasama ang paglipad at shipping sa inyong Nationally Determined Contributions ay mahalagang hakbang na dapat ninyong gawin. Handa na kaming makipagtulungan sa aming mga mamimili upang gawin ang aming bahagi, pero kailangan ninyong manguna.
3. **Dapat na pangunahan ang mga negosyo sa hinaharap sa patas at mababang carbon na gawa,** pagputol sa negosyong may mataas na carbon. Dapat na ang pakikipagnegosyo ay makakatulong sa mga magsasaka at mga negosyo na namumuhunan sa pagpapanatili at pagharap sa krisis ng klima, at dapat na huminto sa paghikayat sa paggamit ng fossil fuel at pangunahan ang mahinahon at mapagsamantalang pabago-bagong negosyo.
4. **Kailangan mong palakasin ang mga regulasyon ng negosyo,** upang hikayatin ang mga negosyo na mamuhunan sa pagpapatibay ng supply chains, magbayad ng patas na mga presyo sa mga magsasaka, at magmamay-ari sa mga isyu sa kapaligiran sa kanilang supply chains. Gusto naming makita ang pagpursige sa kapaligiran, upang magawan ng aksyon ng mga negosyo ang curb deforestation - at gusto namin itong makita na ginagawa sa mga paraan na hindi mag-iiwan sa mga magsasaka na magbayad sa mga bill. Kung kinakailangan, kailangan ninyong maging handa na pilitin ang mga negosyo na hindi magagawa ang kanilang mga tungkulin.

Sa nakaraang dalawang taon ay napahamak ang ating mundo dahil sa COVID-19. Ngunit ang epekto nito ay wala lang kumpara sa dulot na epekto na mararanasan natin kung hindi natin magawan ng aksyon ngayon ang tungkol sa krisis sa klima. Bilang kinatawan ng mga producer ng pagkain sa mundo, nakikiusap kami sa inyo na sakupin itong panahon, na makinig sa aming mga tinig, at siguraduhing maipagpatuloy natin na mabigyan ng pagkain ang mundo.

Signed on behalf of Fairtrade farmers and workers,



Mr Kouamé N'dri Benjamin-Francklin

Producer Representative of Fairtrade Africa (FTA)

Board Member of FTA and Chairman of SCOOPS-ECAM, Yamoussoukro, Cote D'Ivoire

A handwritten signature in blue ink, appearing to read 'Kouamé N'dri Benjamin-Francklin'.



Mr Miguel Munguía

Producer Representative of Latin American and Caribbean Network of Fairtrade Small Producers and Workers (CLAC)

President of CLAC and Manager of Educe-Cooperativa

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'Miguel Munguía'.



Mr Meher Pravakar

Producer Representative of Network of Asia and Pacific Producers (NAPP)

Board Member of NAPP and Project Director at Pratima Organic Grower Group

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'Meher Pravakar'.

For more information, contact:

media@fairtrade.org.uk

communications@fairtradeafrica.net